

Ministro ng Kalusugan

Information Sheet ng Bakuna sa COVID-19

Bersiyon 5.0 – Abril 1, 2021

Nagbibigay ang dokumentong ito ng basic na impormasyon at hindi inilaan na magbigay o gawing panghalili sa payong medikal, diagnosis o paggagamot, o payong legal.

Sa ngayon, nabigyang-awtorisasyon ang mga sumusunod na bakuna sa COVID-19 para magamit ng Health Canada sa Canada: [Pfizer-BioNTech COVID-19 bakuna](#), [Moderna COVID-19 bakuna](#), [AstraZeneca COVID-19 bakuna](#), [COVISHIELD COVID-19 bakuna](#), at [Janssen COVID-19 bakuna](#). Ilalagay sa dokumentong ito ang impormasyon ng Janssen COVID-19 bakuna sa sandaling makumpirma ang supply para sa Canada. Lahat ng [bakuna para sa COVID-19](#) na awtorisadong gamitin sa Canada ay natasahan na ng Health Canada, gamit ang mahihigpit na pamantayan. Patuloy na mamanmanan ng Health Canada ang lahat na bakuna para matiyak na ligtas at mabisa ang mga ito.

Pakibasa nang mabuti ang information sheet na ito at tiyakin na nasagot ng isang tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan ang lahat na tanong mo bago ka magpabakuna.

Ano ang COVID-19

Ang COVID-19 ay isang impeksyon na dulot ng isang bagong coronavirus (SARS-CoV-2). Natukoy ang COVID-19 sa unang pagkakataon noong Disyembre ng 2019 at mula noon ay kumalat na sa mundo at nagdulot ng pandemya. Pangunahing naipapasa ang COVID-19 mula sa isang nahawaang tao papunta sa iba pang tao kapag umubo, bumahin, kumanta, nagsasalita o humihinga ang nahawaan. Importanteng tandaan na maikakalat ng mga nahawaang tao ang impeksyon kahit na wala silang sintomas. Maaaring kabilang sa [mga sintomas ng COVID-19](#) ang pag-ubo, kinakapos ng hininga, lagnat, panginginginig, pagkapagod at pagkawala ng pang-amoy o panlasa. Ang ilang tao na nahawaan ng virus ay walang anumang sintomas, habang ang iba naman ay may mga sintomas na mula banayad hanggang malala.

Paanong nakakaprotekta ang mga bakuna sa COVID-19 laban sa COVID-19?

Gumagana ang lahat na bakuna sa pamamagitan ng pagpasok sa katawan natin ng bagay na kahalintulad ng impeksyon para matutunan ng immune system natin kung paano gumawa ng natural na proteksiyon. Ang natural na proteksiyon na ito ay nakatutulong na mapigilan ang mga pagkakasakit sa hinaharap kung makaharap mo ang COVID-19 virus sa hinaharap. **Hindi ka magkakaroon ng COVID-19 mula sa bakuna.**

Mahamanap ang marami pang detalyadong impormasyon sa kung paano nakapagbibigay ng proteksiyon ang mga bakuna sa COVID-19 sa [webpage ng Mga bakuna sa COVID-19 ng Public Health Ontario \(PHO\)](#) at [sa Ano ang Dapat Mong Malaman Tungkol sa Bakuna sa COVID-19](#) at [sa Mga Bakuna sa COVID-19: Viral Vector-Based Bakuna](#).

Lahat ng bakuna sa COVID-19 na awtorisadong gamitin sa Canada ay mabisa sa pagprotekta laban sa sakit na may mga sintomas, at kumpirmado ng laboratoryo.

Sa malalaking pag-aaral kung saan binibigyan ang mga tao ng parehong dosis ng bakuna, mabisang gumana ang lahat na bakuna para pigilan na magkasakit ang mga tao ng COVID-19 na may mga sintomas at kumpirmado ng laboratoryo. Ang bisa ng bakuna 14 na araw pagkalipas ng unang dosis at bago ang ikalawang dosis ay tinatayang lagpas sa 90% para sa Pfizer-BioNTech at Moderna at lagpas sa 70% para sa AstraZeneca/COVISHIELD. Ang bisa ng bakuna pagkatapos ng ikalawang dosis sa inirerekomendang pagitan ay tinatayang lagpas sa 90% para sa Pfizer-BioNTech at Moderna at lagpas sa 80% para sa AstraZeneca/COVISHIELD. Importante na matanggap mo ang dalawang dosis ng mga bakunang ito). Hindi makakamit ang pangmatagalang proteksiyon laban sa COVID-19 hanggang sa matanggap ang ikalawang dosis ng bakuna. **Lahat ng bakuna sa COVID-19 na awtorisadong gamitin sa Canada ay napakabisa rin sa pagpigil sa pagkaka-ospital.**

Sinu-sino ang makatatanggap ng mga bakunang ito?

Dapat na ialok ang kumpletong serye ng mga pagpapabakuna sa mga indibidwal na walang kontraindikasyon sa bakuna at kasalukuyang isa sa mga natukoy na prayoridad na grupo.

- Ang bakuna na Pfizer-BioNTech COVID-19 ay kasalukuyang awtorisado para sa mga indibidwal na 16 na taong gulang at mas matanda pa.

- Ang bakuna na Moderna COVID-19 ay kasalukuyang awtorisado para sa mga indibidwal na 18 na taong gulang at mas matanda pa.

Ang bakuna na AstraZeneca COVID-19 at COVISHIELD ay kasalukuyang awtorisado para sa mga indibidwal na 18 taong gulang at mas matanda pa. Sa panahong ito, [inirerekomenda](#) ng National Advisory Committee on Immunization (NACI) na hindi dapat gamitin ang bakuna na AstraZeneca COVID-19 at COVISHIELD sa mga nasa hustong gulang na wala pang 55 taong gulang.

Para malaman kung karapat-dapat kang makatanggap ng bakuna sa panahong ito batay sa prayoridad, sumangguni sa [COVID-19 vaccination plan ng Ontario](#).

Bago matanggap ang bakuna, ipaalam sa nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan na nagbibigay sa iyo ng bakuna kung:

- Kasalukuyang hindi maganda ang pakiramdam mo o kung may mga palatandaan at sintomas ka ng COVID-19.
- Mayroon kang naunang allergic na reaksiyon sa isang bakuna sa COVID-19 o sa anumang sangkap na nasa mga bakuna sa COVID-19, o anumang iba pang bakuna.
- Mayroon kang mga allergy o allergic na karamdaman.
- Ikaw ay o maaaring ikaw ay buntis o nagpapasuso.
- Ikaw ay immunosuppressed dahil sa isang sakit o paggagamot o na-diagnose ka na mayroong autoimmune na karamdaman.
- Hinimatay o nahilo ka pagkaraang makatanggap ng bakuna noon o medikal na procedure o may takot ka sa mga karayom. Maaaring mag-alok ang nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan ng mga suportang makatutulong sa iyo, halimbawa ang pagrekomenda na mabakunahan ka habang nakahiga para mapigilan ang pagkawala ng malay.
- May problema ka sa pagdurugo o umiinom ng gamot na maaaring makaapekto sa pagkurta ng dugo. Makatutulong sa nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan ang impormasyon na ito para mapigilan ang pagdurugo o pagkakaroon ng pasa dahil sa karayom.
- Nakatanggap ka na ng anumang iba pang bakuna (hindi bakuna para sa COVID-19) sa nakalipas na 14 na araw.

Ang dokumentong gabay na [Vaccination Recommendations for Special Populations \(Mga Rekomendasyon sa Bakuna para sa mga Espesyal na Populasyon\)](#) ay nagbibigay

ng karagdagang impormasyon para sa mga taong nagpapasuso o buntis, mayroong mga allergy, karamdamang autoimmune, o immunocompromised dahil sa isang sakit o sa paggagamot, maging ang mga lalabintaunin na may malulubhang kalalabasan mula sa COVID-19. Kung may mga katanungan ka kung tama o hindi para sa iyo ang isang bakuna batay sa medikal na karamdaman mo, kausapin ang tagapagbigay mo ng pangangalaga sa kalusugan.

Sinu-sino ang dapat magpaliban sa pagtanggap ng mga bakunang ito?

- Ang mga indibidwal na nakatanggap ng ibang bakuna (hindi bakuna para sa COVID-19) sa nakalipas na 14 na araw.
- Mga indibidwal na may mga sintomas ng malubhang karamdaman; dapat hintayin ng mga indibidwal na ito hanggang sa ganap na maresolba ang mga sintomas para maiwasan na ipalagay ang anumang kumplikasyon mula sa karamdaman sa mga side effect na kaugnay ng bakuna.
- Mga indibidwal na may mga sintomas ng COVID-19. Para mapaliit ang peligro ng pagkakahawa sa COVID-19, kung darating ang mga indibidwal na ito sa isang immunization clinic/venue, tatagubilinan silang sundin ang mga kasalukuyang lokal na pamamaraan sa kalusugan ng publiko at hihimukin na magpasuri.
- Ang mga indibidwal na may mga sintomas at walang sintomas na pinayuhang mag-self-isolate dahil sa hinihinala o kumpirmadong pagkakahawa sa COVID-19 o dahil sa malapitang interaksyon sa isang kaso ng COVID-19 ay hindi dapat dumalo sa isang bakuna clinic at dapat na hintayin na makuha ang bakuna nila hanggang sa matapos ang kanilang panahon ng pagkaka-isolate.

Paano inilalapat ang bakuna?

Ibinibigay ang bakuna bilang pagtarak ng karayom sa braso (papasok sa deltoid muscle). Sinusunod ng lalawigan ang sumusunod na mga [rekomendasyon mula sa National Advisory Committee on Immunization \(NACI\) \(Pambansang Komite sa Pagpapayo para sa Pagbabakun\)](#) para palawigin ang pagitan ng ikalawang dosis

ng bakuna sa COVID-19 para sa mga bakunang Pfizer-BioNTech, Moderna at AstraZeneca/COVISHIELD nang hanggang 4 na buwan pagkaraan ng unang dosis.

- Para sa Pfizer-BioNTech bakuna, ang rekomendadong pagitan para sa ikalawang dosis ay 4 na buwan pagkalipas ng unang dosis.
- Para sa Moderna bakuna, ang rekomendadong pagitan para sa ikalawang dosis ay 4 na buwan pagkalipas ng unang dosis.
- Para sa AstraZeneca at COVISHIELD bakuna, ang rekomendadong pagitan para sa ikalawang dosis ay 4 na buwan pagkalipas ng unang dosis.

Dapat matanggap ng mga indibidwal ang parehong produktong bakuna sa COVID-19 para sa buong serye ng mga pagbakuna rito (hal. Dapat na makuha ng indibidwal ang parehong bakuna sa una at ikalawa niyang dosis). Ang mga bakuna na magkaiba ang uri (hal. mRNA, viral vector) ay dapat na ituring na magkaibang mga bakuna at hindi dapat gamitin sa iisang serye.

Anu-ano ang mga sangkap ng mga bakuna?

Mga sangkap		Pfizer-BioNTech	Moderna	AstraZeneca/ at COVISHIELD
Medical		<ul style="list-style-type: none"> mRNA 	<ul style="list-style-type: none"> mRNA 	<ul style="list-style-type: none"> Di-replicating na viral vector (ChAd)
Di-medikal	Mga lipid	<ul style="list-style-type: none"> ALC-0315 ALC-0159 – isang polyethylene glycol (PEG) 1,2-Distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine (DSPC) Cholesterol 	<ul style="list-style-type: none"> 1,2-Distearoyl-sn-glycero-3-phosphocholine (DSPC) Cholesterol PEG2000 DMG SM-102 	<ul style="list-style-type: none"> Disodium edetate dihydrate (EDTA) Ethanol L-Histidine L-Histidine hydrochloride monohydrate Polysorbate 80
	Mga asin	<ul style="list-style-type: none"> Dibasic sodium phosphate dihydrate Monobasic potassium phosphate Potassium chloride Sodium chloride 	<ul style="list-style-type: none"> Acetic acid Sodium acetate trihydrate Tromethamine Tromethamine hydrochloride 	<ul style="list-style-type: none"> Magnesium chloride hexahydrate Sodium chloride
	Asukal	<ul style="list-style-type: none"> Sucrose 	<ul style="list-style-type: none"> Sucrose 	<ul style="list-style-type: none"> Sucrose
		<ul style="list-style-type: none"> Tubig para sa iniksyon 	<ul style="list-style-type: none"> Tubig para sa iniksyon 	<ul style="list-style-type: none"> Tubig para sa iniksyon

Importante na suriin nang mabuti ang listang ito dahil maaaring allergic ang ilang tao sa mga sangkap na ito, kabilang ang **polyethylene glycol (PEG)**, at **polysorbate 80** at/o **tromethamine**. Gayunpaman, madalang na nagdudulot ang mga ito ng mga allergic na reaksiyon. Ang polyethylene glycol (PEG) ay natatagpuan sa mga produktong gaya ng mga gamot, mga produktong pang-bowel preparation para sa colonoscopy, mga pamurga, mga syrup sa ubo, mga kolorete, mga skin cream, mga produktong medikal na ginagamit sa balat at habang may mga operasyon, toothpaste, mga contact lens at contact lens solution. Matatagpuan din ang polyethylene glycol sa pagkain o sa mga inumin, pero hindi ito kilalang nagdudulot ng mga allergic na reaksiyon mula sa mga pagkain at inumin. Ang polysorbate 80 ay matatagpuan sa mga pang-medical preparation (gaya ng mga vitamin oil, tableta, at mga anticancer agent) at kolorete. Ang tromethamine ay sangkap ng contrast media, oral at mga parenteral na gamot.

Anu-ano ang mga side effect ng bakuna?

Ang mga bakuna sa COVID-19, gaya ng lahat na bakuna, ay maaaring magdulot ng mga side effect, bagaman hindi lahat ay nakararanas ng mga ito at sa mga nakararanas ng mga ito ay karamihang maliliit na side effect lamang ang inuulat. Ang pinakakaraniwang nauulat na side effect pagkatapos matanggap ang isang bakuna sa COVID-19 at mga reaksiyon sa iisang lugar kabilang ang pananakit, pamumula at pamamaga sa lugar na pinagturakan, pagkapagod, pananakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pananakit ng kasu-kasuan, panginginginig, at banayad na lagnat.

Batid sa mga nagpapatuloy na pag-aaral sa mga bakuna sa COVID-19 na ito na ang mga nakamamatay na side effect ay labis **na madalang**. Patuloy na minamanmanan ng mga taong nakatanggap ng bakunang ito para sa anumang mga pangmatagalang side effect.

Handa ang mga staff ng klinika na harapin ang malubhang allergic na reaksiyon sakaling maganap ito. Kapag tinatanggap ang ikalawang dosis mo ng bakuna sa COVID-19, **sabihin sa nagbibigay ng pangangalaga sa kalusugan na naglalapat ng ikalawang dosis kung nagkaroon ka ng anumang side effect pagkatapos ng unang dosis.**

Napakadalang, na maugnay ang AstraZeneca/COVISHIELD bakuna sa isang madalang na anyo ng pagkukurta ng dugo pagkatapos maibakuna. Tinatawag ito ng mga doktor na "bakuna-induced prothrombotic immune [thrombocytopenia](#)" (VIPIT). May dalawang mahalagang katangian ang mga blood clot (pagkurta ng dugo) na ito: nangyayari

ang mga ito may 4 hanggang 20 araw pagkalipas ng pagbakuna, at nauugnay ang mga ito sa mababang platelets (maliliit na blood cell na tumutulong sa pagkurta ng dugo para mahinto ang pagdurugo). Tila madalang ang VIPIT, nangyayari lang sa pagitan ng 1 sa bawat 125,000 sa 1 sa 1 milyon katao. Pinaka-karaniwan ito sa kababaihan na wala pang edad na 55. Pakibasa ang [VIPIT Kasunod ng Pagbakuna ng AstraZeneca COVID-19](#) para sa mas maraming impormasyon.

Tinasa ito ng [Health Canada](#) at natukoy nito na ang mga benepisyo ng bakuna na AstraZeneca/COVISHIELD sa pagprotekta sa mga taga-Canada mula sa COVID-19 ay patuloy na mas matimbang kaysa sa mga peligro. Karaniwan ang mga pagkurta ng dugo, lalo na sa mga mas nakatatanda. Mismong ang COVID-19 ay nauugnay sa pagdudulot ng mga pagkurta ng dugo, kaya lahat ng bakuna sa COVID-19 ay patuloy na inirerekomenda para sa mga tao na nagkaroon ng pagkurta ng dugo noon, o may kasaysayan sa pamilya ng mga pagkurta ng dugo at tumatanggap ng mga gamot sa pagpapalabnaw ng dugo.

Kailan ko dapat tawagan ang tagapagbigay ko ng pangangalaga sa kalusugan?

Kung makaranas ka ng mga side effect na nagbibigay-pangamba sa iyo o tila hindi nawawala makalipas ang ilang araw, makipag-ugnayan sa tagapagbigay mo ng pangangalaga sa kalusugan o magpatingin na sa doktor.

Pumunta sa pinakamalapit na **emergency department o tumawag sa 911** kung may alinman sa mga sumusunod na masamang reaksiyon ang mangyari sa loob ng tatlong araw pagkaraang matanggap ang bakuna:

- hives (pamamantal)
- pamamaga ng mukha o bibig
- hirap huminga
- sobrang pamumutla at matinding pagka-antok
- mataas na lagnat (lagpas sa 40°C)
- mga pagkombulsyon o seizure
- iba pang nakamamatay na sintomas (hal., "pins and needles" o pamamanhid)

Kung natanggap mo ang bakunang AstraZeneca/COVISHIELD at nagkaroon ka ng alinman sa mga sumusunod na sintomas pagkaraang matanggap ang bakuna

humingi agad ng medikal na atensyon:

- kinakapos ang hininga
- pananakit ng dibdib
- pamamaga o panlalamig sa isang braso o binti
- nagpapatuloy na pananakit ng tiyan
- malala o lumalalang pananakit ng ulo o malabo ang paningin
- maraming maliliit na pasa, mga pula o purple na pamamaltos sa ilalim ng balat

Maaari ka rin makipag-ugnayan sa inyong [lokal na public health unit](#) para magtanong o mag-ulat ng masamang reaksiyon.

Kailan ako dapat bumalik para sa ikalawang dosis ko?

Kung unang dosis mo ito ng bakuna sa COVID-19, tiyakin na bumalik para sa ikalawang dosis mo ayon sa tagubilin ng vaccination clinic o ng tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan na nagbigay ng unang dosis mo. Importante na matanggap ko ang dalawang dosis ng bakuna dahil ang proteksiyon laban sa COVID-19 ay hindi nasa pinakamabisa hanggang sa matanggap ang ikalawang dosis ng bakuna. Dalhin ang tala ng pagbabakuna mo sa pagpunta mo para sa ikalawang dosis mo. **Napaka-importante na matanggap mo ang ikalawang dosis kahit na nakaranas ka ng mga side effect sa naunang pagturok.**

Kanino ako makikipag-ugnayan para sa anumang katanungan?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan o sa taong nagbibigay sa iyo ng bakuna.